

Bukod-Tanging Kristiyanismo batay sa bukod-tanging Kristo

Juan 14.1-7 (FSV)

Short Testimony for Teacher Mel

- 1 "Huwag ninyong hayaang mabagabag ang inyong kalooban. Sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya rin kayo sa akin.
 - 2 Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan. Kung hindi ito totoo, bakit ko pa sasabihin sa inyo na aalis ako upang ipaghanda kayo ng lugar?
 - 3 At kung aalis ako at ipaghahanda kayo ng lugar para sa inyo, babalik ako at isasama ko kayo sa aking sarili, upang kung nasaan ako, naroon din kayo.
 - 4 At nalalaman ninyo ang daan tungo sa pupuntahan ko."
 - 5 Sinabi ni Tomas, "Panginoon, hindi namin alam kung saan kayo pupunta. Paano po namin malalaman ang daan?"
 - 6 Sumagot si Hesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makararating sa Ama kundi sa pamamagitan ko.
 - 7 Kung kilala ninyo ako, makikilala rin ninyo ang Ama ko. Mula ngayon, siya'y kilala na ninyo at siya'y nakita na ninyo."
- March 25, 1533 – Alemang repormista na si Martin Luther ay nagsabi: 'Na ang Manlilikha mismo ang dumating sa atin at naging ating Tagapagtubos – it ang dahilan ng ating kagalakan.'
 - March 25, 1951 – Amerikanong misyonero at martir na si Jim Elliot ay ginunita sa kanyang journal ang ganito: 'Kapag dumating na ang oras ng kamatayan, tiyakin mo na ang gagawin mo lamang ay mamatay.'

Panimula: Bukod-tangi ang Kristiyanismo dahil ito ay nakabatay sa bukod-tanging Kristo na makikita sa...Kanyang Kautusan, v. 1; Kanyang Kahahantungan, v. 2-4; Kanyang Kapahayagan, v. 5-7

Sa kanyang pagpapalayo sa karamihan ng tao sa Jerusalem, ibinuhos ni Jesus ang kanyang nalalabing oras sa kanyang mga apostol —na nabuhay kasama Niya at naging saksi, na maituturing na ekstensyon ang Kanyan sarili. Sa pagbibigay aliw sa kanyang mga alagad, si Jesus ay nagkaloob sa atin ng isang hindi pangkaraniwang buod kung sino siya at kung ano ang dahilan ng kanyang pagpunta mula sa langit na Kanyang gagawin sa gana ng atin. Bagaman palagian binabasa sa mga funeral service na ganito, ang mga kilalang mga salitang ito ni Kristo ang maghahanda sa ating buhay bago natin kaharapin ang kamatayan. Ang pangkasalukuyang pakikipag-ugnayan, kaaliwan, at katiyakan kay Jesus ay lubusang binibigyang-diin kaysa sa panghinaharap na kalalagayan.

1. Kanyang Kautusan, v. 1

- a. Huwag hayaang mabagabag - kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang nagpapatuloy na pagkilos. "Ihinto ang pagkabagabag!"

- "kalooban o puso" - Pansinin ang pangmaramihan. Si Hesus ay nagsasalita sa lahat ng labing-isa. Ang pang-Hebreong gamit ng "puso" ay nagpapahiwatig ng kabuuan ng tao: kaisipan, kapasyahan at damdamin.
- b. Sumampalataya sa Diyos
- c. Sumampalataya kay Kristo
 - pananampalataya ► Diyos
 - pananampalataya ► Kristo
 - Kristo == Diyos
- Ang pananampalataya ay kapwa panimula at nagpapatuloy. Ang pagtitimbang ng balangkas ng talatang ito ay nagpapakita ng pag-angkin ni Hesus sa pagkakapantay sa Diyos. Tandaan ding ang mga Hudiyong ito ay tumatalima sa iisang Diyos (monotheismo) at ngayon ay nakikilala ang mga kakahantungan ng mga pahayag ni Hesus.
- Isang bagay ang maniwala sa isang Kataas-taasang Diyos at isang bagay din maging isang Kristiyano na nananampalataya kay Kristo. Ang pariralang ito ay tumutuon hindi sa isang doktrinal na pananampalataya, ngunit sa persona ni Hesukristo.

Bukod-tangi ang Kristiyanismo dahil ito ay nakabatay sa bukod-tanging Kristo na makikita sa Kanyang *Persona*.

2. Kanyang Kahahantungan, v. 2-4

- "Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan" – "Ang tahanan" ay ginamit sa OT ng Tabernakulo o ang Templo, subalit, sa kontekstong ito, malinaw na pinahihiwatig ang pampamilyang tahanan ng Diyos sa kalangintan o ang paninirahan kasama Niya sa Kaniyang templo

NASB, NRSV	"mga lugar na tirahan"
KJV, NKJV	"mga mansyon"
TEV	"mga silid"
NJB	"maraming lugar"
- Ang Griyegong salita ay nangangahulugang "palagiang mga lugar na paninirahan" na walang kaisipan ng pagmamalabis. Ang larawan ay ang lahat ng mga mananampalataya ay magkakaroon ng sariling silid sa tahanan ng Ama, tulad ng isang bahay-panuluyan na ang lahat ay kakaing magkasama araw-araw.
- Nakakawili na ito ay galing sa katulad na Griyegong salitang-ugat "nanatili," na isang pangunahing kaisipan sa Juan. Ang ating tahanan na kasama ng Ama ay malulubos sa ating pananatili sa Anak.

